



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 15

Agosto 7, 2006

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Hungkag ang pagkundena ni Arroyo sa mga pampulitikang pamamaslang

Desperado ngayon si Gloria Arroyo na palabasing wala siyang kinalaman sa walang awat na mga pagpatay sa mga aktibista at pwersang lumalaban sa kanyang paghahari sa harap ng malawakang pagkundena sa loob at labas ng bansa.

Pilit na pilit niyang hinuhugasan ang kanyang mga duguang kamay. Sa State of the Nation Address niya sa harap ng Kongreso, nagpahayag siya ng pagkundena sa nagaganap na mga ekstrahudisyal na pagpatay. Subalit hungkag na hungkag ang pahayag na ito. Sa halip na kundenahan ang mga arma-

dong pwersa ng estado na nasa likod ng mga pagpatay na ito, pinuri pa niya si Gen. Jovito Palparan, ang numero unong pasistang berdugong responsible sa paghahasik ng lagim-militar.

Malinaw na malinaw na wala talagang balak si Arroyo na itigil ang malawakang pagpatay. Sa desesperasyong pagtakpan ang responsibilidad niya at ng kanyang mga punong upisyal sa AFP at PNP sa kampanya ng pamamaslang, inulit niya ang dati nang pambabaluktot sa katotohanan: na ang walang awat na mga ekstrahudisyal na pagpatay ay bahagi lamang ng pagpupurga sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Kaya nga't ngayon pa lamang ay batid na natin ang kahihinatnan ng mga pakitang-taong imbestigasyong kanyang iniutos. Para magkaroon ng kaunting kredibilidad sa harap ng kabi-kabilang batikos sa loob at labas ng bansa, naka-handang magsakripisyong rehimeng ilang pipitsuging elemento sa hanay ng militar, pulisia at mga alaga nilang pusakal na mga kriminal, at pati na mga inosente para mapagtakpan at makaligtas ang mga tunay na salarin.

Mayayabang na salita na walang kalaman-laman, paghuhugas-kamay at panlilinlang lamang ang utes ni Arroyo na "resolbahin ang 10 kaso ng mga pampulitikang pamamaslang sa loob ng 10 linggo." Gagawin ng rehimeng Arroyo ang mga "imbestigasyon" hindi para ihinto ang mga pagpa-



Mga tampok sa isyung ito...

Tumitinding paglabag sa karapatang-tao

PAHINA 4

Mga kilos protesta sa ika-6 na SONA ni Arroyo

PAHINA 6

Masaker sa Lebanon

PAHINA 10

tay, kundi para lamang pagtakpan ang katotohanang ito'y bahagi ng patakaran nito sa "pambansang seguridad." Batid ng dumaraming mamayan na si Arroyo mismo at ang kanyang Cabinet Oversight Committee on Internal Security (COCIS) ang bumubuo ng plano at nag-uutos na ipatupad ito sa kanilang mga berdung heneral at pasistang pwersa.

Malaon nang tinutukoy ng militar at pulisia na ang PKP at BHB diumano ang nananatiling pangunahing "banta sa seguridad" na kinakaharap ng estado. Taliwas ito sa paghahambog nilang matagumpay na nagagapi ng kanilang "all-out war" ang mga rebolusyonaryong pwersa. Ang totoo, makailang beses nang dinudulutan ng BHB ng maririing bigwas ang reaksyunaryong militar at pulisia. Subalit dahil bulag ang AFP at PNP sa kilos ng BHB, ibinabaling ng mga duwag na pasistang pwersa ang kanilang mga baril sa mga di armadong aktibistang puspusang kumikilos sa paraang ligal laban sa kabulukan, katiwalian, pagkapapet at pasismo ng rehimeng Arroyo.

Sa partikular, ang mga lider masa at aktibista sa kalunsuran ang

pangunahing target ng maruruming operasyon para "nyutralisahin ang Kaliwa." Sa lenggwaheng mga pasista, ang "nyutralisasyon" ay nanangangahulugan ng pagpatay, pagbalda o pagpapatigil sa pagkilos sa pamamagitan ng pananakot o pan-lilinlang.

Alinsunod rito, may nakahanay pang samutsaring mga kontra-hakbang laban sa hayag na demokratikong kilusan, laluna sa "namumunong mga personahe ng PKP sa Metro Manila." Binubuo para rito ang mga grupong *vigilante* na kinabibilangan ng mga makinaryang alaga mismo ng Malakanyang, ng mga espesyal na yunit paniktik ng AFP-PNP at ng mga pasistang heneral para magsagawa ng mga pagdukot at pamamaslang, manabotahe at magpasabog ng mga bomba sa mga upisina, pasilidad at bahay ng mga hayag at ligal na makinarya sa Kamaynilaan at mga karatig nito.

Maghahakot din ang mga alipures ng Malakanyang ng mga dadalo sa ilulunsad na mga anti-komunistang rali na itatapat sa malalaking raling anti-Arroyo. Maglulunsad ng kampanyang saywar at propaganda ang rehimeng Arroyo at kontra-

hin ang inaasahang matinding batikos na aanihin ng rehimeng Arroyo sa ikadakip ng mga nasa talaan.

Bago matapos ang taon, maglabas ng mga listahan at larawan ng mga personaheng tinutugis ng pasistang rehimeng Arroyo para magbigay ng malaking pabuya sa ikadakip ng mga nasa talaan.

Layunin ng ganitong mga hakbang na hadlangan ang lalong paglawak ng mga tagumpay ng mga progresibong partido sa darating na eleksyon at tuluyan nang ipwera ang mga ito sa larangang elektoral.

Subalit sa kakitiran ng pasistang utak nina Arroyo at kanyang pinakamalalapit na militaristang alipures, ni hindi nila nakikita na sa loob ng limang taon nang madugong kampanya nila laban sa ligal na demokratikong kilusan, patuloy na lumalaban ang mamayan at sumisigla ang kanilang kilusan. Ang dumadanak na dugo ng mga pinaslang ay hindi nagdudulot ng takot kundi galit at marubdob na determinasyong ipursigi ang paglaban at kamtin ang hustisa. Taliwas sa kanyang layunin, higit pang pinalalawak ni Arroyo ang hanay ng mga nagnanais at handang tumangan ng sandata at isulong ang armadong pakikibaka.

Malulubyan lamang ang madugong pang-iintriga at panunupil oras na mawakasan ng mamayan ang rehimeng Arroyo. Sa katuustusan, ang katarungan ay makakamit lamang sa pagbabagsak at pagparusa kay Gloria Arroyo at kanyang mga susing upisyal. Mahigpit na tungkulin ng lahat ng kadre at myembro ng Partido, kumander at mandirigma ng BHB at iba pang rebolusyonaryong pwersa na gawin ang lahat ng makakaya para mapabilis ang katapusang pasistang rehimeng Arroyo at magkamit ng karagdagang tagumpay para iba-yong maisulong ang digmang bayan.

AB

ANG Bayan

Taon XXXVII Blg. 15 Agosto 7, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editorial

Hungkag ang pagkundena ni Arroyo sa mga pampulitikang pamamaslang	1
Protesta at pagkundena	3

Pananalanta ng pasistang estado

Mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao	4
Imbestigasyon, tinanggihan ng GRP	5
Suporta sa <i>impeachment</i> , lalong lumalawak	6
Mga kilos protesta SONA ni Arroyo	6
Lumalalim ang ligalig sa hanay ng militar	7
Planadong paglalarga ng mga opensiba sa Northeastern Mindanao	8
Pondo ng mga migranteng mangagawa, kinukurakot	9

Sa ibayong dagat

Masaker sa Lebanon	10
Pagbagsak ng Doha Round	11
Matatagumpay na opensiba ng BHB	13
Balita	13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Protesta at pagkundena

Lumalawak ang paglaban ng mamamayan sa loob at labas ng bansa sa sistematiko at ganap na pamamaslang ng rehimeng US-Arroyo sa mga aktibista, mamamahayag at mga ordinaryong sibilyan.

Nagsampa noong Agosto 3 ng limang magkakahiwalay na petisyon para sa *writ of habeas corpus* ang mga pamilya ng siyam na nawawalang aktibista at rebolusyonaryo. Tumungo ang mga pamilya nina Prudencio at Celina Palma-Calubid, Rogelio at Gabriel Calubad, Roland Porter, Leopoldo Ancheta, Ariel Beloy, Gloria Soco at Philip Limjoco sa Korte Suprema upang obligahin ang gubyernong Arroyo, matataas na upisyal ng AFP at PNP na ilitaw sa korte ang kanilang mga mahal sa buhay. Ang mga biktima ay dinukot sa iba't ibang insidente mula Mayo 6 hanggang Hunyo 26.

Una nang nagsampa ng katulad na petisyon ang mga magulang ng dalawang estudyante ng UP na sina Sherlyn Capadan at Karen Empeño noong Hulyo 19. Noong Agosto 1 ay iniutos ng korte sa AFP na iharap ang dalawang estudyante at ipaliwanag ang mga dahilan ng pagbibimbin sa kanila. Sa kabilang utes na ito, patuloy na itinatanggi ng AFP na hawak nila ang nawawalang mga aktibista. Bagkus, laking

kahanganan pang nagpahiwatig ang AFP na baka sumapi lamang daw sa Bagong Hukbong Bayan ang dalawang biktima.

Sa loob ng bansa

Umaabot sa 67% ng mga Pilipino ang naniniwala na ang mga armadong galamay ng rehimeng Arroyo ang may pakana sa mga pamamaslang ng mga aktibista, ayon sa sarbey na isinagawa ng Ibon Foundation mula Hunyo 28 hanggang Hulyo 7. Malaking mayorya (93%) ang nanawagan sa rehimeng Arroyo na itigil na ang mga pamamaslang.

Nitong Agosto 5, umabot sa 7,000 tao ang sumama sa tatlong-kilometrong martsa para ilibing si Alice Claver, Bayan Muna *coordinator* na pinaslang noong Hulyo 30 sa Tabuk, Kalinga. Noon ding Agosto 1 ay nagsara ang mga klinika at ospital sa Kalinga bilang protesta sa pananambang sa mga Claver. Mahigit 150 doktor ng prubinsya ang tumungo sa Tabuk upang ipanawagan ang hustisa para sa mag-asawa. Naglunsad rin ng kilos protesta noong Agosto 4 sa harap ng Department of Health ang Health Alliance for Democracy at Health Action for Human Rights.

Bago ito, tinuligsa ni Pampanga Archbishop Paciano Aniceto, na

kilalang malapit kay Gloria Arroyo, ang aniya'y napakababa nang pagpapahalaga sa karapatang-tao sa Central Luzon.

Sa labas ng bansa

Binatikos ng Asian Human Rights Commission (AHRC) si Arroyo dahil sa kawalan niya ng kongkretoong plano kaugnay ng pagpatigil sa mga pamamaslang sa bansa. Reaksyon ito ng AHRC sa kanyang State of the Nation Address noong Hulyo 24 kung saan nagpahayag ng hungkag na kundersyon si Arroyo sa mga ekstrahidisyal na pamamaslang.

Sa Canada, binatikos ng Philippine Women's Center, SIKLAB (organisasyon ng mga migranteng Pilipino), Filipino-Canadian Youth Alliance, Philippine Network for Justice and Peace at Community Alliance for Social Justice ang madungong rekord ng rehimeng Arroyo sa paglabag sa karapatang-tao.

Kasabay nito, nanawagan ang United Church of Canada (UCC) na maglunsad ng hiwalay na imbestigasyon ang United Nations (UN) sa bansa. Hiniling ng UCC na atasan ng UN ang Special Rapporteur on Extrajudicial, Summary and Arbitrary Executions na imbestigahan ang mga pampulitikang pamamaslang at pagdukot sa Pilipinas.

Isinumite naman noong Hunyo 24 sa Philippine Embassy sa The Hague, Netherlands ang ulat ng International Fact-Finding Mission (IFFM), isang grupo ng mga huwes na Dutch at Belgian na nagsagawa ng imbestigasyon noong Hunyo sa mga kaso ng pagpatay sa mga abugado at huwes sa Pilipinas. Ayon sa IFFM, umaabot na sa 10 huwes at 13 abugado ang napapaslang sa ilalim ng rehimeng Arroyo.

Naglunsad naman ng hiwalay na *fact-finding mission* sa Central Luzon noong Hulyo 26-27 ang mga





Lalong tunitindi ang mga paglabag ng rehimeng Arroyo sa karapatang-tao

Walang patid ang kampanya ng mga pagpatay at pagdukot ng rehimeng Arroyo sa mga di armadong aktibistang myembro ng mga progresibong organisasyon. Ayon sa pinakahuling ulat ng Karapatan, umaabot na ngayon sa 720 ang mga biktima ng pamamaslang mula nang maluklok si Arroyo sa poder noong 2001.

Agosto 3. Pinatay ng mga elemento ng 9th ID si Isaias Sta. Rosa, kasapi ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP-Albay). Pinagbabil si Sta. Rosa bandang alas-9 ng gabi sa labas ng kanyang bahay sa Barangay Malubago, Daraga, Albay.

Agosto 1. Dinukot si Benigno Mateo, upisyal ng unyon ng mga manggagawa sa Magnolia Poultry Dressing Plant sa Barangay Quebianwan, San Fernando, Pampanga. Dinukot siya sa labas ng pabrika ng mga pinaghinalaan elemento ng 69th IB. Si Mateo ang ika-60 unyonista na dinukot mula 2001.


Noong araw ding iyon, namatay si Alfredo Vendivil Jr., 34, matapos siyang barilin sa tapat ng kanyang bahay sa Barangay Cordero, Lupao, Nueva Ecija. Si Vendivil ay pinaghinalaan sumusuporta sa rebolusyonaryong kilusan.

Hulyo 31. Pinagbabaril hanggang sa mapatay ng dalawang elemento ng *death squad* si Rei Mon "Ambo" Guran, 21, bandang alas-6:15 ng umaga habang nakasakay sa bus sa Bulan, Sorsogon. Si Guran

ay tagapagsalita ng League of Filipino Students sa Bicol. Dali-daling nanaog ang mga salarin at tumakas lulan ang isang motorsiklo.

Halos 30 minuto makaraang patayin si Guran ay pinaulanan ng mga bala ng M16 at .45 kalibreng pistola ang sinasakyang *van* ni Dr. Constancio "Chandu" Claver, kanyang asawang si Alice at ang kanilang mga anak na si Alex, 11 at Cassandra, 7, sa Bulanao, Tabuk, Kalinga. Namatay si Alice, 42, makalipas ang limang oras sa ospital at sugatan naman si Dr. Claver, na tserman ng Bayan Muna-Kalinga. BM *coordinator* ang kanyang nasawing asawa. Bahagya ring nasugatan si Cassandra sa pananambang.

Hulyo 30. Pinatay si Mario Florendo bandang alas-4 ng madaling araw sa loob mismo ng kanyang tahanan sa Barangay Paritas, Lupao, Nueva Ecija. Si Florendo ay kasapi ng Bayan Muna.



Hulyo 27. Nabunyag ang mga pagbabanta sa buhay ni Fr. Eleuterio Revollido ng Philippine Independent Church at tserman ng Bayan-Pangasinan. Nauna nang pinaslang noong Marso 9 si Mariano Sepnio, pangalawang tagapangulo ng Bayan sa prubinsya at ang Bayan provincial *secretary general* sa Pangasinan na si Jose Doton na pinatay noong Mayo 16. Mula pa noong isang taon ay minamanmanan na ng mga elemento ng National Intelligence Coordinating Agency si Fr. Revollido.

Hulyo 26. Nagkakape sa loob ng kanyang bahay sa Barangay Lococ, Salay, Misamis Oriental si Ernesto Ladica, 43, bandang alas-6:30 ng gabi nang biglang pagbabarilin ng tatlong elemento ng 8th IB. Tatlong bala ang tumama sa leeg at likod ni Ladica. Tumakas ang mga salarin lulan ng dalawang motorsiklo sa direksyon ng Cagayan de Oro City. Si Ladica ay kasapi ng Bayan Muna at *secretary general* ng Misamis Oriental Farmers Association.

Hulyo 24. Dinukot si Ernesto Santiago sa kanyang bahay sa Sityo Tulikan, Barangay Dulong Malabon, Pulilan, Bulacan ng apat na armadong lalaking nakabonet at nakau-nipormeng *fatigue*. Si Santiago ay *coordinator* ng Koalisyon Kontra Polusyon (KKP). Ang KKP ay sampung taon nang lumalaban sa pagtatapon sa dike ng irigasyon ng pormalin mula sa Tyson Chicken Dressing Plant, Foster Chicken Dressing Plant, Robsen's Fruit Juice

"Protesta...," mula sa pahina 3

kasapi ng Hongkong Human Rights and Peace Mission (HKHRPC) na binubuo ng 11 manunulat, abugado, taong simbahan at mananaliksik. Kinundena nito ang pagtindi ng mga paglabag sa karapatang-tao sa rehiyon at ang iligal na pag-aresto at patuloy na pagkabilanggo kay Rep. Crispin Beltran ng Anakpawis.

Nagbabala rin ang Commission on Human Rights, isang ahensya ng gubierno, na maaaring ma-blacklist ang Pilipinas sa UN dahil sa 14 taon na nitong di pag-uulat ng kalagayan ng karapatang-tao sa bansa at mga hakbang na ginagawa nito para mapabuti ito.

AB



Co. at PM Metal Smelting Co. Nala-lason ng mga kemikal ang tubig na dumadaloy sa mga palayan at isda-an. Hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw si Santiago.

Hulyo 23. Pinatay ng mga sundalo ng 53rd Recon Coy ang magsasakang si Robert Balagat, 27, sa Barangay Mocag, Baggao, Cagayan. Nasugatan ang tatlo pa niyang kamsa na sina Raymund Castro, Juliet at Janice Padilyo. Basta na lamang silang pinagbabaril ng nag-papatrulyang mga sundalo. Pinalalabas ng militar na nadamay lamang ang mga biktima sa isang *misencounter* sa pagitan ng dalawang grupo ng mga sundalo. Pinabubulaanan ito ng mga nakaligtas.

Sa araw ding ito ay binaril at napatay ng mga tropa ng 77th IB at CAFGU ang magsasakang si Eloy Galang habang dumaraan siya sa tapat ng tsekpoyn ng militar sa

Gagabutan, Rizal, Cagayan. Ang mga kasapi ng CAFGU ay personal na *goons* din ng meyor ng Rizal na si Raul dela Cruz.

Hulyo 22. Pinagbabaril ng tatlong armadong lalaki sa Poon Bakil Resort sa Purok 4, Barangay Calapandayan, Subic, Zambales si Charlie Daylo, 38, lider ng mga minor yang Aeta sa San Felipe, Zambales. Mabilis na tumakas ang mga kriminal lulan ng isang *van*. Si Daylo ang pangalawang tagapangulo ng National Commission on Indigenous Peoples sa naturang prubinsya at dating *provincial coordinator* ng Anakpawis.

Hulyo 21. Malubha ang kalagan ngayon ni Benjamin Luzano, 52, matapos siya pagbabarilin bandang alas-3 ng hapon sa pamilihang bayan ng Ilagan, Isabela. Si Luzano ay *barangay captain* ng San Victoria, Ilagan at kasapi ng Kilu-

sang Magbubukid ng Pilipinas. Nag ganap ang tangkang pagpatay kay Luzano isang araw matapos patayin si Madonna Castillo, lider ng Bayan Muna sa Isabel.

Kinagabihan nito sa Mexico, Pampanga, pinaslang sa loob ng kanyang tahanan si Arnel Guevarra, 41, bandang alas-10:30. Si Guevara ay myembro ng Aguman Da Reng Maglalautang Capampangan, kapatid na organisasyon ng KMP. Pagkatapos ng insidente ay mabilis na tumakas ang tatlong salarin dala ang ginamit na ripleng M16.

Hulyo 20. Dinakip ng militar sa kanyang tahanan sa Barangay Quebiawan, City of San Fernando, Pampanga si Lowie Sangalang, isang lider manggagawa sa isang manukan. Dinala siya sa himpilan ng 69th IB sa Mexico at doon ibini bimbin at iniinterogeyt. Nakapiit pa rin siya hanggang ngayon.

Sa araw ding ito, apat na aktibista ang dinukot sa Barangay Parista, Lupao, Nueva Ecija. Ang mga aktibista ay sina Charlie Sinuto, 47; Philip de la Cruz, 44; at ang mag-inang sina Tessie, 54 at Rodel Abellera, 26. Ang mag-inang Abellera ay pilit isinakay sa isang *van* na may plakang XGB-804. Hindi pa natatagpuan ang apat na biktima hanggang ngayon.

Hulyo 7 hanggang sa kasalukuyan. Hindi pa rin pinahihintulutan ng militar na makita ng kanyang pamilya, abugado at mga kaiibigan si Delfin Cariño, 23, isang Pulang mandirigmang nasugatan at nadakip matapos ang isang labanan sa Sallapadan, Abra.

Hulyo 6. Pinaslang sa Daraga, Albay si Julie Jacob, myembro ng Karapatan.

Hunyo 18. Pinatay ng mga elemento ng *death squad* ang aktibista si Eugenio Estes, tserman ng Barangay San Isidro, Lupao, Nueva Ecija.

AB

Magkasanib na imbestigasyon, tinanggihan ng GRP

Tinanggihan ni National Security Adviser Norberto Gonzales ang panukala ng NDFP na magbuo ng pinagsanib na "ad hoc committee" upang imbestigahan ang dumaraming kaso ng pamamaslang at pagdokot sa mga aktibista.

Ipinaabot ni Ka Fidel Agcaoili ang panukala noong Agosto 1 sa isang sulat kay Atty. Sedfrey Candelaria, tagapangulo ng *human rights committee* ng GRP Peace Panel. Iminungkahi ng NDFP na itala gang myembro ng "ad-hoc committee" ang mga hinirang na *observer* ng dalawang panig sa Joint Monitoring Committee na tumitiyak sa implementasyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law. Ito ay sina Bishop Tomas Millamena ng Philippine Independent Church at Marie Hilao-Enriquez ng Karapatan na hinirang ng NDFP; at sina Mercedes Contreras-Dannenberg at Aileen Bacalso na hinirang ng GRP.

Upang lalong tiyakin ang pagiging obhetibo ng komite, ipinanukala rin ni Agcaoili na umupo bilang *observer* ang mga kinatawan ng Royal Norwegian Government (na nagsisilbing Third Party Facilitator sa usapang pangkapayapaan ng GRP-NDFP) at International Committee of the Red Cross.

Bagamat pumayag si Gonzales na magpapasok ng internasyunal na *factfinding team* sa bansa, tumanggi siyang magkaroon ng papel ang NDFP dito.

AB

Suporta sa *impeachment*, lalong lumalawak

Patuloy ang paglawak ng suporta sa kasong *impeachment* laban kay Gloria Arroyo.

Ayon sa Pulse Asia, 57% ng sumagot sa kanilang sarbey nitong nakaraang buwan ang nagpahayag ng interes at kagustuhan ituloy ang pagdinig sa *impeachment complaint*. Taliwas ito sa pahayag ng mga alipures ng rehimeng "sawa na" o hindi interesado ang mamayan dito. Maging sa mga nagsabing hindi na sila interesadong maituloy pa ang *impeachment*, ang dahilan ng mas nakararami ay mahaharang lamang ito ng mga alipures ni Arroyo sa Kongreso.

Kasabay nito, apat pang *impeachment complaint* ang magkakasunod na isinampa nitong Hulyo 24-27 sa Kongreso.

Sa araw ng State of the Nation Address ni Arroyo nitong Hulyo 24, isinampa ng 13 retiradong heneral at mga koronel ang panlimang *impeachment complaint* na inendorso

ni Rep. Darlyn Antonino-Custodio ng South Cotabato.

Isinampa naman ang ikaanim na reklamo nitong Hulyo 25 ng mga kasapi ng grupong *party-list* na Citizens Battle Against Corruption (CIBAC) at Bangon Pilipinas Movement. Ang kasong ito ay pinirmahan ng 1,092 katao at inendorso ni Rep. Joel Villanueva ng CIBAC.

Nitong Hulyo 26, isinampa ang ikapitong reklamo laban kay Arroyo ng di bababa sa 200 katao mula sa walong progresibong organisasyon na kaanib ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan).

Inendorso ang reklamong ito ng "Batasan 5"—Deputy Minority Leader Rep. Satur Ocampo, Teodoro Casiño, Rafael Mariano, Liza Maza at Joel Virador.

Isinampa naman nitong Hulyo 27 ng Black and White Movement at ng Hyatt 10 ang ikawalong *impeachment complaint*. Inendorso

ito ng apat na myembro ng Liberal Party—sina Rep. Benigno Aquino III ng Tarlac, Nereus Acosta ng Budidnon, Henedina Abad ng Batanes at Manuel Mamba ng Cagayan.

Laman ng lahat ng reklamong *impeachment* na ito ang mga kaso ng pandaraya ni Arroyo sa eleksyon, katiwalian, pamamaslang ng mga lider at kasapi ng mga legal na organisasyon at mga mamamahayag at pagpapatupad ng diktatorial na mga kautusan.

Bago pa man mapag-aralan ang mga reklamo, tahasan nang sinabi nina House Speaker Jose de Venecia, Majority Leader Prospero No-grales at Rep. Simeon Datumanong at iba pang alipures ni Arroyo sa Kongreso na walang pag-asang umusad ang *impeachment*. Binatikos ng oposisyon ang sinasabi nilang plano ng mga kongresistang maka-Arroyo na ibasura ang kasong *impeachment* sa loob ng dalawang linggo. AB

Mga kilos protesta sa ika-6 na SONA ni Arroyo

Hindi napigilan ng libu-libong pulis at militar at ng hagupit ng bagyong Glenda ang pagbuhos ng 10,000 mamayan sa lansangan sa araw ng State of the Nation Address (SONA) ni Gloria Arroyo sa Batasan Complex noong Hulyo 24

kabilang ang ilang libong magsasaka mula Southern Tagalog at Central Luzon. Ipinahayag nila ang tunay na kalagayan ng bansa sa isang programa sa Commonwealth Avenue, Quezon City. Pinanguahan ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) at mga alyadong organisasyon nito ang pagtitipon. Bukod rito, naroondin ang iba pang grupong anti-Arroyo. Kasama nila sa lansangan ang tinaguriang "Batasan 5" at ilang kinatawan ng mga grupong *party-list*. Dumalo rin sa rali si dating Vice Pres. Teofisto Guingona.

Upang ipakita ang tindi ng kanilang pagkamuhi sa pasista at pekeng presidente, sinunog ng mga raliyista ang isang 13-talampakang



effigy ni Gloria Arroyo na kahawig ni Adolf Hitler, pa-sistang diktador sa Germany noong panahon ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Itinulad nila si Arroyo kay Hitler dahil sa mga pasistang patakaran nito, kabilang ang kampanya niyang "all-out war" na pumipinsala sa maraming mamamayan.

Samantala, mahigit 8,000 ang nagdaos ng mga martsa't rali sa iba't ibang lugar sa Visayas sa pamumuno ng BAYAN at Arroyo Resign Movement. Umabot sa 3,000 ang nagrali sa Davao City. Mariin ding binalikos sa mga rali sa mga syudad ng Cagayan de Oro,

General Santos at Baguio ang patakarang "all-out war" ng rehimeng Arroyo.

Nagdaos din ng mga kilos protesta sa labas ng bansa sa araw na ito. Naglunsad ang Bayan-USA at mga alyadong organisasyon nito ng magkakahiwalay na kilos protesta sa mga lunsod ng New York, Washington DC, Seattle, San Diego at Los Angeles. Sa mga syudad ng Vancouver, Toronto at Montreal sa Canada, nanguna sa mga pagkilos ang mga grupong Siklab, British Columbia Committee for Human Rights in the Philippines at iba pa. AB

Lumalalim ang ligalig sa hanay ng militar

Patuloy na lumalalim ang ligalig sa hanay ng militar sa kabila ng pagkakadakip sa ilang lider ng kilusang anti-Arroyo sa loob ng AFP noong Hulyo. Patuloy ang pagtatakwil nila sa awtoridad ni Arroyo bilang *commander-in-chief*.

Mismong mga hakbang ni Arroyo ang gumagatong sa mga protesta sa AFP. Tatlong matataas na upisyal ng Philippine Marines—sina Col. Orlando de Leon, Lt. Col. Armando Bañez at Lt. Col. Custodio Parcon—ang nagbitiw sa tungkulin nitong Hulyo dahil hindi na nila masikmura ang mga anomalya at paboritismo sa loob ng AFP. Nag-protesta sila sa paghirang ni Arroyo kina Lt. Gen. Hermogenes Esperon bilang AFP *chief of staff* at Maj. Gen. Gabriel Habacon bilang hepe ng Southcom. Ang mga heneral na ito ay sangkot sa malawakang daayaan sa eleksyon 2004.

Ang lawak ng disgusto sa hanay ng AFP at tindi ng pagkakahiwalay ni Arroyo sa sarili niyang militar ay makikita sa dami ng mga upisyal na kinasuhan. Umabot na sa 38 matataas na upisyal ng Army at Marines ang kinasuhan noong Hulyo 29 ng tangkang pag-aalsa kaugnay ng umano'y bigong kudeta noong Pebrero 24. Dalawampu't lima sa kani-

la ay matataas na upisyal ng First Scout Ranger Regiment (FSRR) sa ilalim ng dating ku-mander ng yunit na si Brig. Gen. Danilo Lim at 13 ay mga upisyal ng Philippine Marines sa ilalim nina Maj. Gen. Renato Miranda, 1st Marine Brigade Commander Col. Ariel Querubin at Lt. Col. Achilles Segumalian.

Sina Lim at iba pang upisyal mula sa FSRR ay nakakulong ngayon sa isang bilangguan sa Tanay, Rizal na sadyang inihanda para sa mga rebeldeng militar, habang sina Major General Miranda at Colonel Querubin at ibang elemento ng Marines ay nasa pangangalaga ng kanilang komandant na si Vice Adm. Mateo Mayuga.

Matinding tortyur

Samantala, nabunyag ang matinding tortyur na dinaranas ng mga nakakulong na myembro ng mga grupong anti-Arroyo. Ayon sa



abugado nilang si Ruel Pulido, patuloy silang ibinabartolina at hindi pinaaarawan. Iniiintriga sila at tinotortyur sa pamamagitan ng napakalakas na tugtugin. Pinagbabawalan din silang makipag-usap sa isa't isa at makipagkita sa kanilang mga kamag-anak at mga abugado. Hindi sila pinagpapahinga para unti-unting humina ang kanilang katawan at determinasyon. Ipinagkakait sa kanila maging ang mga pahayagan, radyo at telebisyon. Subalit ipinahayag din ni Pulido na sa kabilang ng mga panghahati at pagpapahirap na ginagawa laban sa mga anti-Arroyong upisyal ay buo pa rin ang kanilang loob. AB

Planadong paglalarga ng mga opensiba sa Northeastern Mindanao

Nakapanayam ng Ang Bayan noong Mayo si Ka Maria Malaya, tagapagsalita ng National Democratic Front-Northeastern Mindanao, kaugnay ng mga paghahandang isinagawa at mga tagumpay na nakamit sa paglulunsad ng huling serye ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon. Saklaw ng panrehiyon kumand ng BHB sa Northeastern Mindanao ang apat na prubinsya—Surigao del Sur, Surigao del Norte, Agusan del Sur at Agusan del Norte.

Mula 2005, sistemатiko at walang patid ang paglulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Northeastern Mindanao ng mga armadong aksyon laban sa mga armadong galamay ng rehimeng US-Arroyo.

Ayon kay Ka Maria Malaya, malaking salik sa tagumpay ng kani-lang mga armadong aksyon ang masusing pagpaplano ng rehiyunal na pamunuan ng Partido at BHB at ang masinop na pagpapatupad ng mga yunit ng hukbong bayan sa mga plano.

"Nagpupulong ang mga Pulang kumander sa rehiyon nang dumating sa amin ang panawagan ng Komite Sentral na paigtingin ang mga taktikal na opensiba bilang ambag ng Bagong Hukbong Bayan sa pagpapatalsik sa rehimeng Arroyo at upang palakasin ang armadong rebolusyon," ani Ka Maria. Inilabas ang naturang panawagan noong Setyembre 2005. Bilang tungon, inilunsad ng pamunuan sa rehiyon ang kampanya upang ipau-nawa sa lahat ng mga Pulang kumander at mandirigma at sa mama-mayan sa mga sonang gerilya ang pangangailangan ng paglulunsad ng mga taktikal na opensiba.

Ani Ka Maria, para pamunuan ang aktwal na pagpapatupad ng panawagan ng Komite Sentral, binuo sa antas rehiyon ang plano para sa mga armadong aksyon. Hangang binibigyang-bwelo ang mga inisyatiba sa ibaba, mahigpit na ginabayhan, sinubaybayan at tinuluangan ng pamunuan ang mga yunit

ng BHB. Sa gayon, unti-unting naiwasto at nalampasan ang matagal nang pag-iral ng konserbatismo ng BHB sa rehiyon sa larangang militar at iba pang gawain.

Lahat ng mga yunit ng BHB ay inatasang magtukoy at maghanda ng mga target para maikasa ang pagsalakay sa mga ito anumang araw na kinakailangan. "Oras na mag-atas ang rehiyunal na kumand ng sabay-sabay na pag-atake sa kaaway, kailangang kagyat itong ipatupad," ani Ka Maria. Sa ganitong paraan, nahahati ang atensyon ng kaaway at naiiwasang matambakan ng malaking pwersa ng AFP ang isang lugar o larangan. Gayundin, agad na nasisira ang mga plano ng kaaway sa rehiyon at naaagaw ang inisyatiba mula sa kanila.

Pinahigpit ang pagtutulungan sa pagitan ng *regional operational command* at mga yunit sa larangan, at sa pagitan ng mga yunit sa larangan. "Kasama rito ang pagtutulungan sa gawaing paniktik. Direktang tumulong ang mga kad-reng militar sa nakatataas na antas sa pagpaplano ng mga yunit," ani Ka Maria. Isang buwan pagkatapos nito, nailunsad ang isa sa pinaka-malalaking opensiba sa rehiyon kung saan nagapi ang isang detatsment ng Philippine Army at CAFGU sa Tandawan, Hinatuan, Surigao del Sur noong Oktubre 28, 2005.

Malaki ang naitulong ng sinsin ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon, ayon kay Ka Maria. "Una, nakapag-ilon ang mga kasama ng



mayamang karanasan sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at napatatag ang lakas-militar para sa pagsusulong ng rebolusyon. Tumasas ang kumpiyansang militar ng buong pwersa."

Nakadagdag ang mga ito ng maraming malalakas na armas at nagdulot ng malaking pinsala sa mga tauhan at kagamitan ng kaaway. "Dahil dito, lalong lumagagnap ang demoralisasyon sa kani-lang hanay," dagdag ni Ka Maria.

Tinitiyak ni Ka Maria na magtutuluy-tuloy ang ganitong sinsin ng mga taktikal na opensiba sa rehiyon. Regular na nagpupulong ang mga kumander para tasahin ang sitwasyong militar at gumawa ng mga resolusyon alinsunod sa mga patakaran at direktiba ng Komi-syong Militar ng PKP at kumand-militar sa rehiyon.

Kasabay ng pagpapaigting ng mga taktikal na opensiba, ipinana-wagan ng pamunuan ng Partido sa rehiyon sa lahat ng mga yunit at pwersa ng Partido, BHB at rebolu-siyyaryong kilusan ang pagpapahuusay sa pagkukumbina at pag-aagapayan ng pagsusulong ng ar-madong pakikibaka, pagtatayo ng baseng masa at paglulunsad ng re-bolusyonaryo agraryo.

AB

Pondo ng mga migranteng manggagawa, kinukurakot

Sumasambulat ang iskandalo tungkol sa tiwaling pangangasiwa ng reaksyunaryong gubyerno sa pondo ng OWWA (Overseas Workers' Welfare Administration) na nakalaan para sa kagalingan ng mga migranteng manggagawang Pilipino. Ang tuluy-tuloy na pagkakabunya ng sari-saring anomalya sa OWWA ay ibinunsod ng bangayan ng mga upisyal ng gubyerno hinggil sa kawalan ng pera para sa paglilikas ng mga Pilipinong naiipit sa gera sa Lebanon.

Unang nagpahayag noong Hulyo 23 si Al Francis Bichara, embahador ng Pilipinas sa Lebanon, na paubos na ang pera para sa nanganib na mga Pilipino at wala pang bagong pondong dumarating mula sa Pilipinas. Hindi mahagilap ang \$2 milyon na ayon sa OWWA ay inilabas nito nang sumiklab ang gulo sa Lebanon noong Hulyo 14.

Kalakhan ng pondo ng OWWA ay nagmumula sa \$25 (P1,275 sa palitang \$1=P51) na sinisingil sa bawat Pilipinong lumalabas ng bansa para pumasok sa kontraktwal na trabaho. Sa abereyds na 3,000 manggawang nangingibang-bayan araw-araw, halos P1.5 bilyon ang nalilikom ng OWWA bawat taon. Ang kabuuang pondo ay nagkakahalaga na umano nang P8.1 bilyon noong Disyembre 2004. Pero ngayong lubhang nanganganib ang humigit-kumulang 34,000 Pilipinong nagtatrabajo sa Lebanon, walang magastos para maiawi sila sa bansa.

Saan napunta ang pera?

Ang pondo ng OWWA ay

kolektibong pag-aari ng mga migranteng manggawang Pilipino. Sila ang tanging may awtoridad na magpasya kung paano gagamitin ang pondo. Subalit ninanakaw ng mga nasa kapangyarian ang pondo.

Noong 2004, ginamit ni Gloria Arroyo ang P553.58 milyong Medicare Fund ng mga migranteng manggagawa para sa kanyang kampanya sa eleksyon. Ang ideya ay nagmula sa noo'y presidente ng Philhealth na si Francisco Duque III na nagpanukala noong 2003 kay Arroyo ng paglilipat ng naturing Medicare Fund sa kontrol ng kanyang ahensya. Sa kanyang panukala, sinabi ni Duque sa presidente na ang paglilipat na ito ay "magkakaroon ng makabuluhang papel sa eleksyon 2004." Si Duque ay hinirang na kalihim ng De-

partment of Health pagkatapos ng eleksyon.


Ginastos ang pondo sa libreng pamamahagi ng mga PhilHealth card bilang pambili ng boto para sa presidente. Bago ito, tinatanggi-han na ng OWWA ang daan-daang migranteng manggagawa na kumukubra ng kanilang mga benepisyong pangkalusugan at noong Enero 2004 ay ganap nang itinigil ng ahensya ang pagbabayad sa kanilang mga gastos medikal.

Noong Abril 2003, nag-isyu ang gubyerno ng \$293,500 kay Ambassador Roy Cimatu para umano sa maramihang paglilikas ng mga Pilipinong naipit sa pananalakay ng US sa Iraq. Hindi nangyari ang paglilikas ngunit walang gustong umamin kung saan napunta ang pondong inilaan.

Noong panahon ni Pres. Fidel Ramos, P664 milyong pera ng OWWA ang ginastos sa maanomalyang proyektong pabahay sa Smokey Mountain na kinontrata ng R-II Builders ni Reghis Romero, isang malaking negosyante sa konstruksyon.

Noong 2003, inareglo ng Home Guarantee Corporation (HGC) ang gusot na nilikha ng proyekto sa Smokey Mountain. Pumirma ang HGC sa kasunduang babayaran nito ang OWWA ng halagang P1.07 bilyon ngunit hanggang ngayon ay P500 milyon pa lamang ang nababayaran ng kumpanya.

Noon pa mang 1983, P200 milyon na mula sa pondo ng OWWA ang ginamit sa maanomalyang pamumuhunan sa Landoil Resources Corp. na pag-aari ni House Speaker Jose de



Venecia at sa Greater Manila Corp. Hanggang ngayon, hindi pa naibabalik ang puhunang ginamit sa Landoil.

Ayon sa Commission on Audit, noong Disyembre 2005 ay may ₱144 milyong mga *cash advance* sa pondo ng OWWA na hindi pa naiuulat kung saan ginastos.

Bagong EO 464

Walang plano ang Malakanyang na bigyang-linaw ang kontrobersya hinggil sa nawawalang pondo ng OWWA.

Naglabas ang Palasyo ng mga bagong tuntunin kung kailan maaaring dumalo ang isang upisyal ng gubyerno sa mga imbestigasyong idinadaos ng Kongreso at kung anu-anong tanong ang maaari nilang tanggihan. Ang mga tuntunin ay nilaman ng Memorandum Circular 108, isang plantsadong bersyon ng Executive Order 464 na inilabas noon ng Malakanyang upang pagtakpan ang isyu ng pandaraya ni Arroyo sa eleksyon 2004. Ang EO 464 ay idineklara nang iligal ng Korte Suprema. Sa kabilang paggigiit pa rin ng Senado na obligadong dumalo ang mga upisyal ng gubyerno na pinatatawag nito sa mga pagdinig at hindi kailangang sundin ang mga kundisyon ng Malakanyang para rito, patuloy pa rin ang pagmamatigas ng Malakanyang na di padaluhin ang pinagtatakpan nitong mga upisyal.

Ang bagong kautusan ay pinetsahang Hulyo 27—bagamat ang totoo ay ginawa lamang ito pagkatapos ng pagdinig ng Senado sa isyu noong Hulyo 30 na hindi sinipot ng kinaukulang mga upisyal ng OWWA, DOLE at DFA dahil abala raw sila sa paglilikas ng mga Pilipino sa Lebanon. Inilabas ang memorandum upang salagin ang banta ng mga senador na ipaareste nila ang mga upisyal na tumangging humarap sa imbestigasyon.

Kaawa-awa ang kalagayan ngayon ng mga Pilipinong manggagawa sa Lebanon. Mula nang sumiklab ang gulo roon, mahigit 2,000 pa lamang sa kabuuan 30,000 ang nakauwi sa bansa. Libu-libo pa ang nagsisisikan sa mga *evacuation center*.

Pinakamasaklap ang kalagayan ng maraming kautlong na ikinukulong ng kanilang mga amo at hindi pinapayagang umuwi sa Pilipinas. Marami sa kanila ang napipilitang tumakas kahit sa pamamagitan ng pagtalon mula sa bintana at gayo'y magtamo ng mga bali at sugat kung hindi man tuluyang mama-tay.

Habang nangyayari ito, patuloy naman ang ligaya ng makakapangyarihang taong kumulimbat sa sasapi ng mga migranteng manggagawang Pilipino. **AB**



Masaker sa Lebanon



Imampu't anim na sibilyang Lebanese na katabilangan ng 34 na bata, 12 babae, mga matanda at may kapansanan ang namatay sa syudad ng Qana sa katimugang bahagi ng Lebanon noong madaling araw ng Hulyo 30 matapos bombahan ang gusaling kanilang sinilungan.

Sadyang pinuntirya ng mga bombang Israeli ang gusali dahil ginagamit umano itong lunsaran ng mga *rocket* ng Hezbollah patungong Israel. Subalit walang nakita ni isang kaswalting Hezbollah o lunsaran ng *rocket* doon.

Ang masaker sa Qana ay ikalawa na sa kasaysayan ng bayang ito. Mahigit 100 ang namatay noong 1996 nang kanyunin ng Israel ang hedkwarters ng United Nations (UN) na kinakanlungan noon ng daan-daang sibilyang Lebanese.

Ang mga biktima sa Qana ay kabilang sa mahihirap na mamamayang walang sasakyang o pambili ng gasolina na di makalikas sa pambobomba ng Israel. Sampung porsyento (10%) na lamang ng populasyon nito ang nananatili sa Qana.

Mariing kinundena ng mamamayan ng Lebanon at iba't ibang bansa ang masaker sa Qana at ang suportang ibinibigay ng US sa Israel. Sa Beirut, 5,000 demonstrador ang spontanyong nagtipon at lumusob sa himpilan ng UN bilang protesta sa kainutilan nitong pigilan ang pang-aatake ng Israel at suwayin ang US sa pagsuporta nito sa Israel.

Nilusob din ang embahada ng US para kundehin ang rehimeng Bush sa kriminal nitong pagsuhay sa agresyon ng Israel. Noong huling linggo ng Hulyo,



dalawang sibilyang eroplanong Boeing 747 ang bumyahe mula Texas, USA patungong Tel Aviv, Israel upang magdeliber ng mga armas kabilang ang "bunker-busting" na bomba. Tumatanggap ang Israel ng halos \$2 bilyong ayudang militar taun-taon mula sa US. Patuloy na tumatanggi ang US na manawagan sa Israel na itigil ang pag-atake sa Lebanon.

Katunayan, nasa Israel si US Secretary of State Condoleezza Rice at patungo na sana sa Lebanon nang maganap ang masaker sa Qana. Bunga ng pambobomba, inianunsyo ng gubyerno ng Lebanon na hindi na ito makikipag-usap kay Rice hangga't walang naipatutupad na tigil-putukan.

Bunga ng matitinding protesta, napilitan ang Israel na mag-anunsyo ng 48 oras na suspensyon ng pambobomba sa katimugang Lebanon. Subalit ilang oras pa lamang matapos ang deklarasyon ay muling sinimulan ng Israel ang pambobomba at ang paglusob ng mga tropa sa territoryo ng Lebanon.

Noong Agosto 3, idinaos naman ang isang espeyal na pulong ng Organization of Islamic Conference (OIC) sa Kuala Lumpur, Malaysia. Iginiiit ng OIC na kaagad ipatupad ang tigil-putukan at nangako itong magpadala ng mga tropa sa timog Lebanon bilang bahagi ng *peace keeping force*.

Ayon sa gubyerno ng Lebanon, umaabot na sa 900 Lebanese ang namamatay, karamihan mga sibilyan. Tatlong libo na ang nasugatan at isang milyon ang

nagsilikas bunga ng pambobomba ng Israel. Wasak ang kalakhan ng mahahalagang sibilyang imparastruktura, kabilang ang mga kalsada at tulay na dinadaanan ng mga nagsisilikas. Bukod pa rito, binomba rin ang mga pasilidad sa tubig, kuryente at pagkukunan ng gasolina. Malawak din ang pinsala sa karagatan ng Lebanon dahil sa malawakang pagkalat ng langis dulot ng pambobomba sa mga *oil tanker* sa daungan ng Beirut noong unang linggo ng labanan.

Apat ding *observer* mula sa United Nations ang namatay noong Hulyo 25 nang bombahin ng Israel ang kanilang himpilan sa bayan ng Khiam sa timog-silangang Lebanon.

Sa kabilang banda, umaabot na sa 68 Israeli, kabilang ang 27 sibilyan, ang namamatay sa gera.

Patuloy ang pambobomba sa Palestine. Kasabay ng pagpapaulan ng bomba ng Israel sa Lebanon, tuluy-tuloy din ang pambobomba nito sa Gaza City sa Palestine. Umabot sa 23 ang namatay bunga ng pambobomba ng mga eroplano at panganganyon ng tropang Israeli sa Jebaliya, sa hilagang bahagi ng Gaza Strip noong Hulyo 26. Kasama sa mga namatay ang isang babae at ang kanyang limang-taong gulang na anak at walong-buwang sanggol nang direktang kanyunin ng Israel ang kanilang bahay.

Mahigit 150 na ang namamatay na Palestino, karamihan mga sibilyan, bunga ng pambobomba at pag-atake ng Israel sa Palestine mula noong Hunyo 25. AB

Pagbagsak ng Doha Round



Tuluyan nang bumagsak ang Doha Round matapos suspindihin ng Group of 6 (US, European Union, Japan, Australia, India at Brazil) ang nakatakda sanang pangkalahatang pulong nito noong Hulyo 26. Nagsisilbing komiteng tagapag-handa ang Group of 6 at nagpupulong ang mga ministro nito nang mas maaga para mas makinis sanang mailunsad ang pangkalahatang pulong. Hindi na lamang itinuloy ang pangkalahatang pulong nang tumanggi ang European Union (EU) at US sa mga pulong paghahanda pa lamang na ibaba ang mga taripa, subsidyo at iba pang proteksyon sa kanilang agrikultura at merkado. Sa kabilang banda, patuloy naman nilang iginiiit na ganap nang baklasin ng mga atrasadong bansa ang proteksyon sa kani-kanilang mga ekonomya.

Ang tinaguriang Doha Round ay serye ng mga taunang negosasyon ng mga myem-



brong bansa ng World Trade Organization (WTO) na sinimulan noong Nobyembre 2001 sa Doha, kabisera ng Qatar. Mula noon ay nailunsad na sa iba't ibang bansa ang mga sumunod na pulong nito. Pakay ng mga negosasyong ito na pagkaisahan kung papaano maipatutupad ang layunin ng WTO hinggil sa ganap na liberalisasyon sa kalakalan sa agrikultura sa pamamagitan ng pagpawi sa lahat ng taripa at subsidyo sa mga bansang kasapi ng WTO. Sa ilalim ng islogang "globalisasyon ng malayang pamilihan," sinuhulan at kinasabwat ng US at EU ang mga naghaharing uring kumprador at panginoong maylupa ng mga mala-kolonya at atrasadong bansa upang ipatupad ito. Ang dapat na ikalimang negosasyon noong Hulyo 26 ay hindi na itinuloy dahil na rin sa tindi ng mga kontradiksyong malaon nang lumilitaw sa pagitan ng mga imperyalistang bansa at mga atrasadong bansa, at sa hanay mismo ng mga imperyalista.

Habang iginigiit ng EU at US ang walang pakundangang liberalisasyon sa mga malakolonya at atrasadong bansa, mahigpit namang binabakuran ng mga ito ang sarili nilang mga industriya, agrikultura at merkado. Matigas na tumatanggi kapwa ang US at EU na sumunod sa patakaran alisin o bawasan man lamang ang mga taripa, subsidyo at iba pang proteksyon sa mga ito. Ang pagtanggi ng mga bansang ito na ipatupad ang mga programa na idinidikta nila sa mga mala-kolonya at atrasadong bansa ang pangunahing dahilan kung bakit hindi umusad at tuluyang bumagsak ang Doha Round. Hindi matinag-tinag ang umaabot sa mahigit \$300 bilyong subsidyo ng mga imperyalistang kapangyarihan sa kanilang sariling mga industriya at agrikultura. Sa EU halimbawa,

\$100 bilyong subsidyo ang ibinibigay sa sariling agrikultura ng mga bansa nito, at mahigit \$40 bilyon naman ang subsidyo sa US.

Gayundin, hindi makuntento ang US at EU sa napakalalaki nang konsesyon na napiwiga nila mula sa mga mala-kolonya at atrasadong bansa. Iginigiit ng mga ito na lubusin pa ang pagpasok nila sa iba pang sektor ng industriya, agrikultura at serbisyo ng mga atrasadong bansa. Tinanggihan na ito ng karamihan ng mga bansa, kabilang ang India at Brazil, lalupa't hindi ito saklaw ng adyenda ng Doha Round. Dagdag na salik sa pagbagsak ng usapan ang kanila ngayong pagtanggi.

Habang may mga papet na gubernero tulad ng sa Pilipinas na palaging sunud-sunuran sa kagustuhan ng mga imperyalista, tuluy-tuloy naman ang pakikitunggali ng mara-maraing atrasado at mahihirap na bansa sa mga patakaran ng WTO. Kasabay nito, patuloy na naglulunsad ng mga kilos-protesa ang mga kilusang masa laban sa WTO at sa itinataguyod nitong patakaran ng imperyalistang "globalisasyon."

Pansamantalang napigil ang martsa tungo sa mapangwasak na liberalisasyon sa pagbagsak ng Doha Round. Ibayong tumampok ang kasakiman ng EU at US at ang pan-ningibabaw ng kanilang interes habang patuloy namang niyuyurakan ang kapakanan ng mayorya ng mamamayan sa daigdig. Lalong nabunyag na ang islogang "globalisasyon" na ibinabandera ng WTO ay instrumento para madambong ng mga imperyalista ang mga industriya, agrikultura, serbisyo, merkado at likas na yaman ng mga atrasadong bansa. Inihudyat nito ang tuluy-tuloy na disintegrasyon at napipintong pagkawasak ng WTO bilang daluyan ng mga imperyalistang patakaran.



Lubos na ikinagagalak ng uring anakpawis ng buong mundo ang pagbagsak ng Doha Round. Batid nila na makabubuti sa mga aping bansa at mamamayan ng daigdig ang pagbagsak nito. Titingnan nila itong hamon upang pag-ibayuhin pa ang kanilang paglaban sa paghahari, pang-aapi at pandarambong ng mga imperyalista.

Marami pang paraan ang mga imperyalistang kapangyarihan, kabilang ang mga bilateral at rehiyunal na mga kasunduan, upang maidikta ang kanilang interes at mga patakaran sa iba't ibang bansa at mamamayan sa mundo. Mahigit 76% na ng mga bansa sa daigdig ang naipailalim sa mga bilateral at rehiyunal na mga kasunduan kasa-ma ang US. Ilang halimbawa lamang dito ang Association of South East Asian Nations, Asia-Pacific Economic Cooperation, Middle East Free Trade Initiative, Free Trade of the Americas at North American Free Trade Agreement. Ngayong pansamantalang nabigo ang WTO, lalo pang pinalalakas ng US at EU ang mga ito.

Dagdag dito, gumagamit ang US ng mga lantad at di lantad na pamamaraan sa pulitika upang ipataw ang imperyalistang paghahari nito. Ipinamalas ng US sa kaso ng Iraq at Afghanistan na hindi ito mag-aatubiling maglunsad ng madudugong pananalakay at okupasyon laban sa mga bansang tumatangging magpailalim sa kontrol nito.

AB




Apat na riple, nasamsam sa reyd ng BHB sa Isabela

APAT na riple, mga kagamitang pangkomunikasyon at mga dokumento ang nasamsam ng mga kasapi ng Reynaldo Piñon Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB-Isabela) sa pagsalakay nila noong Hulyo 21 sa *substation* ng Philippine National Police sa Barangay Maligaya, Cauayan, Isabela. Dalawang M16 at dalawang M14 ang nakumpiska sa reyd na ito.

Detatsment ng militar, nireyd ng BHB sa Surigao del Sur

NIREYD ng mga gerilya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa ilalim ng Front 14 ang detatsment ng 23rd IB at CAFGU sa Sityo Maputi, Barangay Doña Carmen, Tagbina, Surigao del Sur noong umaga ng Agosto 1. Nasamsam ang lahat ng armas mula sa detatsment, ayon sa mga panimulang ulat.

Bago ito, pinarusahan noong Hulyo 15 ng mga Pulang mandirigma sa ilalim ng Front 19 si Dodong Gallego, kilalang myembro ng CAFGU at *death squad* na gumagala sa Marihatag, Surigao del Sur. Sangkot si Gallego sa pagpatay sa magsasakang si Melanio Evangelista sa Unidad, Cagwait, Surigao del Sur noong Pebrero 17.



Upisyal ng 12th IB, pinarusahan ng BHB sa Capiz

ISANG upisyal ng 12th IB, si Capt. Abelardo Motia, ang pinarusahan ng mga partisano ng Nonito Aguirre Sr. Command-BHB nitong Agosto 5 sa Barangay Ongol Ilaya, Dumaraos, Capiz. Si Motia ang namumuno sa *civil-military operations* ng 12th IB. Nasamsam mula sa kanya ang kanyang .45 kalibreng pistola.

Presyo ng langis, sobra-sobra—Ibon

SOBRA-SOBRA ang pagpepresyo ng mga kumpanya ng langis sa kanilang mga produkto nang hanggang ₱0.83 kada litro mula Enero hanggang Hulyo ng taong ito, ayon sa isang pag-aaral ng Ibon Foundation. Ayon sa Ibon, ang halagang ito ay dagdag pa sa dati nang mataas na presyo ng produktong petrolyo na idinidikta ng dambuhalang monopolyo ng langis. Bunga nito, dagdag na ₱1.28 bilyon o ₱6 milyon bawat araw ang kinita ng mga kumpanya ng langis sa nakaraang anim na buwan.

Sa mga kumpanya ng langis, pinakamalaki ang tina-bo ng Petron Corp. (₱488.70 milyon). Kasunod ang Pilipinas Shell na kumita ng dagdag na ₱411.52 milyon, ang Chevron (dating Caltex) Philippines na tumabo ng ₱202.24 milyon at ang mga baguhang kumpanya tulad ng Total na kumita ng ₱177.54 milyon.

Sa kabila nito, may balak pa ang mga kumpanya ng langis na itaas ang presyo ng mga produktong petrolyo ngayong Agosto. Ayon sa Shell at Petron, itataas nila ang presyo ng gasolina nang hanggang ₱2/litro at ang presyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG) nang ₱0.50/kilo o ₱5.50 bawat 11-kilong tangke.

Karapatan ni Sison nilalabag—AI-Europe

IPINAHAYAG ng Amnesty International (AI)-Europe na ang pagsama kay Kasamang Jose Ma. Sison sa listahan ng mga "terorista" ay labag sa kanyang mga saligang karapatan kabilang ang karapatang ituring na inosente hangga't di napatutunayang maysala, karapatan sa karapatang proseso at karapatang magdepensa sa sarili. Ang opinyong ito ng AI-Europe ay nilaman sa sagot nito sa dokumentong "European Commission Green Paper on the Presumption of Innocence."

Sinegunduhan ng AI-Europe ang pusisyon ng European Network of Independent Experts noong 2003 na ang ginagawang pag-embargo sa ari-arian ng mga taong ibinibilang sa "listahan ng mga terorista" ay labag sa karapatang ipagpalagay na inosente sila dahil ang gayong hakbangin ay nakabatay sa husgang sila ay maysala. Labag ito sa Artikulo 6 at 13 ng European Convention on Human Rights. Sinabi rin ng AI-Europe na ang kahilingan ni Sison na makita ang mga dokumentong pinagbatayan ng pagsasama sa kanya sa listahan ay palagiang tinatanggihan ng EU Council. Taliwas ito sa karapatan ni Sison na maipagtanggol ang sarili.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVII Blg. 15

Agosto 7, 2006

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Hungkag ang pagkundena ni Arroyo sa mga pampulitikang pamamaslang

Desperado ngayon si Gloria Arroyo na palabasing wala siyang kinalaman sa walang awat na mga pagpatay sa mga aktibista at pwersang lumalaban sa kanyang paghahari sa harap ng malawakang pagkundena sa loob at labas ng bansa.

Pilit na pilit niyang hinuhugasan ang kanyang mga duguang kamay. Sa State of the Nation Address niya sa harap ng Kongreso, nagpahayag siya ng pagkundena sa nagaganap na mga ekstrahudisyal na pagpatay. Subalit hungkag na hungkag ang pahayag na ito. Sa halip na kundenahan ang mga arma-

dong pwersa ng estado na nasa likod ng mga pagpatay na ito, pinuri pa niya si Gen. Jovito Palparan, ang numero unong pasistang berdugong responsible sa paghahasik ng lagim-militar.

Malinaw na malinaw na wala talagang balak si Arroyo na itigil ang malawakang pagpatay. Sa desesperasyong pagtakpan ang responsibilidad niya at ng kanyang mga punong upisyal sa AFP at PNP sa kampanya ng pamamaslang, inulit niya ang dati nang pambabalktot sa katotohanan: na ang walang awat na mga ekstrahudisyal na pagpatay ay bahagi lamang ng pagpupurga sa hanay ng mga rebolusyonaryong pwersa.

Kaya nga't ngayon pa lamang ay batid na natin ang kahihinatnan ng mga pakitang-taong imbestigasyong kanyang iniutos. Para magkaroon ng kaunting kredibilidad sa harap ng kabi-kabilang batikos sa loob at labas ng bansa, naka-handang magsakripisyong rehimeng ilang pipitsuging elemento sa hanay ng militar, pulisia at mga alaga nilang pusakal na mga kriminal, at pati na mga inosente para mapagtakpan at makaligtas ang mga tunay na salarin.

Mayayabang na salita na walang kalaman-laman, paghuhugas-kamay at panlilinlang lamang ang utes ni Arroyo na "resolbahin ang 10 kaso ng mga pampulitikang pamamaslang sa loob ng 10 linggo." Gagawin ng rehimeng Arroyo ang mga "imbestigasyon" hindi para ihinto ang mga pagpa-



Mga tampok sa isyung ito...

Tumitinding paglabag sa karapatang-tao

PAHINA 4

Mga kilos protesta sa ika-6 na SONA ni Arroyo

PAHINA 6

Masaker sa Lebanon

PAHINA 10

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*